

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 41
Paggawa ng Mabuti sa Kapwa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 41: Paggawa ng Mabuti sa Kapwa
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Prescilla P. Capisnon
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Elizabeth Ysulan, Rashiel Joy F. Lepaopao, Jezzine F. Salar, Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, Jhon Rey C. Clarion
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Ivan Paul V. Damalerio
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 41
Paggawa nang Mabuti sa Kapwa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isa sa dakilang pamana ng karunungan ng tao sa sanlibutan ay ang tinaguriang ‘*The Golden Rule*’ ni Confucius. Isinasaad nito na: “Gawin mo sa iyong kapwa ang nais mong gawin nila sa iyo”.

Tanggap at tinangkilik ng halos lahat ng tao ang ginintuang kaalamang ito; ano man ang lahi, paniniwala o ideolohiya. Patunay na tumatagos sa puso at damdamin nino man ang isinasaad nito.

Naranasan mo na bang gawin ito sa iyong kapwa? Ni minsan ba’y sumagi sa iyong isipan na dapat makailang beses munang iisipin bago gawin ang isang bagay sa iba?

Sa modyul na ito matututunan mo ang mga pamamaraan na maipakita ang kabutihan sa iyong kapwa. Lilinangin din ang kasanayang pampagkatuto na:

- A. Nailalahad ang mga kabutihang ginawa niya sa kapwa.
(EsPSPB-IIIe-11.1)



Subukin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Gumigising nang maaga si Ryan bago pumasok upang tulungan ang kanyang nanay na abala sa mga gawaing bahay at sa kanilang tindahan. Paano ipinakita ni Ryan ang pagiging mabuting anak sa kanyang nanay?
 - A. Maagang papasok si Ryan sa paaralan.
 - B. Gumising nang maaga si Ryan para magtrabaho.
 - C. Nagtitinda si Ryan at hindi na pumasok sa paaralan.
 - D. Tumulong sa kanyang nanay sa gawaing bahay at sa tindahan.
2. Kalilipat lang ni Cristy kaya wala siyang kaibigan sa klase. Mabuti na lang at may nagpakilala sa kanya at nagbigay impormasyon tungkol sa kanilang paaralan. Paano naipakita ng kaklase ang kabutihang ginawa kay Cristy?
 - A. Pakikipagkaibigan ni Cristy at ang bagong kaklase.
 - B. Paglapit ng mag-aaral kay Cristy para may makausap.
 - C. Paglipat ni Cristy ng paaralan para magkaroon ng bagong kaibigan.
 - D. Pagpapakilala ng mag-aaral kay Cristy at pagtuturo sa kanya ng tungkol sa kanilang paaralan.
3. Bata pa si Lito ngunit kakikitaan na siya ng kabaitan. Minsan nagkasundo sila ng kanyang kalaro na mag-unahan sa pagtakbo. Sa kanilang pagtakbo ay biglang nadapa ang kanyang kalaro kaya binalikan niya ito at tinulungang makatayo. Paano naipakita ni Lito ang kabutihan sa kalaro?
 - A. Sa paglalaro, gumawa siya ng kasunduan.
 - B. Para maipakita ang lakas niya sa pagtakbo.
 - C. Pakikipaglaro sa kaibigan para hindi ito mabagot.
 - D. Pagpapahalaga sa kapakananan ng kalaro kaysa manalo.
4. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng kagandahang loob?
 - A. Pagbibigay ng pagkain sa mga batang lansangan
 - B. Pagbibigay sa pangangailangan ng kanilang kasambahay
 - C. Tinitiyak na laging may pera para masuportahan ang pamilya
 - D. Gumasta ng malaki sa kanyang birthday para marami ang makakain

5. Magkasabay na umuuwi galing sa paaralan sina Gng. Reyes at ang ilan niyang mag-aaral. Agad na kinuha ng isang mag-aaral ang mga gamit ng guro upang tulungan ito sa pagdadala; samantala ang iba ay masayang nakikipag-usap kay Gng. Reyes. Alin sa mga kilos ang nagpapakita ng kabutihang ginawa sa kapwa?
 - A. Pakikipag-usap ng guro sa mga mag-aaral
 - B. Pagpapadala ni Gng. Reyes ng kanyang mga gamit sa mag-aaral
 - C. Pagtulong ng mag-aaral kay Gng. Reyes sa pagdadala ng gamit nito
 - D. Pagiging masayahin ng mga mag-aaral dahil guro ang kanilang kasama

6. Pinipiling mapag-isa ni Mario kahit sa loob ng silid-aralan. Minsan, kinausap siya ng kanilang pangulo at hinikayat na makilahok sa klase kaya nang sumunod na mga araw, kapansin-pansin na nakikiisa na si Mario sa mga gawain sa paaralan. Paano ipinakita ng pangulo ng klase ang kabutihang loob kay Mario?
 - A. Hinahayaan siya sa pagiging tahimik
 - B. Pagbabago ng ugali ni Mario sa mga kaklase
 - C. Nakikisama na si Mario sa kanyang mga kaklase
 - D. Paghikayat ng nito kay Mario na makilahok sa klase

7. Maituturing na likas sa tao ang pagiging mabuti o may kagandahang loob dahil;
 - A. Tao siya kaya dapat magpakabuti
 - B. Namana niya ito sa mga magulang
 - C. Kusa siyang tumutulong sa kanyang kapwa
 - D. Matalino siyang gumawa ng kung ano sa kapwa

8. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng kabutihang loob sa kapwa?
 - A. Pagbibigay ng limos sa batang kalye
 - B. Pagpapaaral ng mahihirap na estudyante
 - C. Gumagastos ng malaki sa ginagawang handaan
 - D. Handang isakripisyo ang sarili para sa kapakanan ng iba

9. Nagtuturo si G. Castro ng asignaturang MAPEH kung saan hinasa niya ang mga mag-aaral sa pagkanta at hinikayat niya itong sumali sa mga patimpalak sa pag-awit hanggang sa maging sikat na mang-aawit ang mga mag-aaral. Paano ipinamalas ni G. Castro ang kabutihang loob sa kanyang mga mag-aaral?
 - A. Pagtuturo ni G. Castro ng asignaturang MAPEH
 - B. Pagtuturo na may bayad sa kanyang kakayahan
 - C. Binigyang-tuon ni G. Castro ang ibang talento ng mag-aaral
 - D. Paghasa at paghikayat sa mag-aaral na paunlarin ang talento

10. Nahuli mong nangupya ang iyong kaklase noong kayo ay may pagsusulit. Ano ang iyong gagawin?
- A. Kakaibiganin ang iyong kaklase upang makahingi ka ng sagot.
 - B. Isuplong sa inyong guro ang iyong kaklase upang maiwasto ang kaniyang gawain
 - C. Ipagsawalang bahala ang nakita sapagkat hindi naman ikaw ang gumagawa
 - D. Huwag gagayahin ang ginawa ng iyong kaklase dahil alam mo naman ang tamang sagot
11. Bakit mahalaga ang paggawa ng kabutihan sa kapwa? Dahil;
- A. Nakapagpapasaya ka sa kapwa
 - B. May gumawa rin nito sa kanya
 - C. Nagpapakita ito ng pagmamahal sa kapwa
 - D. Tungkulin ng bawat tao na gumawa ng mabuti sa kapwa
12. Laging binibigyan ni Karen ang matalik niyang kaibigan ng sagot kung may pagsusulit samantalang si Liza naman ay hinikayat ang mga kaklase na mag-aral ng pangkatan bilang paghahanda sa kanilang pagsusulit. Sino kina Karen at Liza ang nagpapakita ng kabutihang loob sa kapwa?
- A. Si Karen na nagbibigay ng sagot sa kanyang kaibigan
 - B. Pagtutulungan nina Karen at kaibigan sa pagsagot sa pasulit
 - C. Paghikayat ni Liza sa mga kaklase para kanya-kanyang mag-aral
 - D. Pangunguna ni Liza sa kanyang mga kaklase sa pangkatang pag-aaral
13. Ang tamang pakikitungo ng mga mag-aaral sa mga guro, kamag-aaral o janitor sa paaralan ay tanda ng:
- A. Pagtulong
 - B. Kabutihan
 - C. Pagpapasikat
 - D. Pagpapakilala
14. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita nangg kabutihang loob sa kapwa sa loob ng paaralan?
- A. Pagpapahiram ng bolpen sa kaklase
 - B. Paglilinis sa silid-aralan kapag nariyan ang guro
 - C. Manahimik upang hindi makapag-ingay sa klase
 - D. Binibigyan ng meryenda ang kaklase na nagpapakopya ng sagot sa pasulit
15. Bilang kabataan, paano maipakikita ang kabutihan sa kapwa kabataan?
- A. Pakikipagkaibigan sa mga kabataan
 - B. Nakikisalamuha sa kapwa kabataan kung may pagtitipon
 - C. Pamunuan ang mga kabataan dahil mayaman siya sa kanilang lugar
 - D. Nakikiisa sa mga gawain at proyekto ng kabataan sa kanyang barangay

Aralin

1

Paggawa nang Mabuti sa Kapwa

“Tumulong nang walang kapalit, sinomang nangangailangan ay bigyan ng malasakit”

- *Francisco Baltazar
Florante at Laura*

Ang paggawa ng mabuti sa kapwa ay isang pagpapahalagang itinuturo sa atin. May magandang pakiramdam sa atin tuwing tayo ay nakatutulong sa iba. Sa panahon ng pandemya, sinusubok ang ating pagpapahalaga ukol sa paggawa ng mabuti at pagpapakita ng malasakit sa kapwa. Sa aralin na ito, tingnan natin kung paano mo pa ito maisasabuhay.



Balikan

Gawain 1: Nasunod mo ba?

Panuto: Lagyan ng tsek ang mga pahayag na nagpapakita ng paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda, at may awtoridad at ekis naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pagsusuot ng ID sa paaralan	
Paggamit ng po at opo sa pakikipag-usap	
Pagtawid sa kalsada na may babala na “ <i>Bawal Tumawid</i> ”	
Pagmamano sa lolo at lola	
Paggawa ng takdang-aralin	
Pagsuot ng face mask sa panahon ng <i>Enhanced Community Quarantine (ECQ)</i>	
Paglabas ng bahay ng pitong taong gulang na bata	
Pagpapaubaya ng upuan sa pampasaherong sasakyan sa matanda	
Pag-alis ng bahay nang walang paalam	
Paggawa ng gawaing-bahay na nakatakda sa kanya	

Gabay na tanong:

1. Bakit mahalaga ang pagsasabuhay ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad?
2. Bukod sa mga nabanggit sa itaas, ano-ano pa ang mga pamamaraan upang maipakita ang paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad?



Mga Tala para sa Guro


Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa bahaging ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain 2: Kilos Ko, Alam Ko!


Panuto: Gamit ang *graphic organizer* sa ibaba, tukuyin ang mga kilos na nagawa mo ngayong pandemya na nagpapakita ng kabutihan sa kapwa. Matapos itong matukoy, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Gabay na Tanong:

1. Alin sa mga natukoy na kilos ang maituturing mong pinakamakabuluhan para sa iyo? Bakit?
2. Ano ang naging reaksyon ng mga taong iyong nagawan ng kabutihan? Ilahad ito.

3. Ano ang nararamdaman mo sa tuwing ikaw ay nakagagawa ng mabuti sa iba? Bakit?
4. Sa iyong palagay, ano ang mga mabuting epekto ng paggawa ng mabuti sa iyong sarili at sa kapwa? Ipaliwanag ang mga ito.
5. Bilang kabataan, paano mo pa mahuhubog ang iyong mga kilos upang mas makatulong sa kapwa at maging huwaran sa iba?



Suriin

Ano-anong kilos ng kabutihan ang sinulat mo sa bahaging ***Tuklasin?*** Natatandaan mo ba kung kanino o sino-sino ang nagawan mo ng kabutihan? Ano naman ang iyong naramdaman matapos itong isagawa?

Tama! Maaring nakagagawa tayo ng kabutihan sa ating magulang, kapitbahay, kaibigan o maging ibang tao. Likas na matulungin ang tao sa kanyang kapwa dahil isa ito sa ating tatak bilang Pilipino. Halimbawa, nang tinamaan ng super typhoon Yolanda ang Tacloban ay sumibol ang bayanihan kung saan ang mga tao sa iba't ibang lugar ng bansa ay nagpaabot ng mga tulong dahil sa pagtulong naipadarama natin ang ating pagdamay at pakikiisa sa nararamdaman sa kapwa.

Sa bahaging ***Tuklasin*** nasasabi mo ang ilan sa mga kilos na nagagawa ng tao na kung saan ay nagdudulot ng kabutihan sa kapwa sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay.


Ang pagtalima sa utos ng magulang at mga tuntunin sa pamayanan ay isa sa maituturing na pinakamataas na kabutihan dahil sa paggawa ng mabuti at pagsunod sa mga batas ay naipakikita ang paggalang na nagdudulot ng kaayusan hindi lamang sa sariling pamilya maging sa pamayanan. Halimbawa, bilang pagsunod sa *Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases* o IATF ay lagi kang nagsusuot ng *face mask* tuwing lumalabas ng bahay at pinapanatili ang *social distancing* sa labas. Ito ay tanda ng iyong pagrespeto at paggawa ng kabutihan sa sarili at kapwa upang mapanatili na ligtas ang kalusugan ng bawat isa.

Isang halimbawa ng paggawa ng kabutihan ang pagbibigay ng donasyon para sa mga nangangailangan lalo na sa panahon ng krisis tulad ng kalamidad, may kaguluhan at sa simpleng pagtulong na malutas ang problema ng inyong kapitbahay. Halimbawa, alam mong walang trabaho ang tatay o nanay ng iyong kapitbahay kung kaya binigyan mo sila ng ulam sa tuwing nagluluto ang iyong nanay. Ang ganitong pagpapakita ng kabutihan ay instrumento upang magkaroon ng magandang ugnayan hindi lamang sa kapitbahay, maging sa mga kamag-anak.

Bilang mag-aaral naman, ang pagpapahiram ng gamit sa kaklase ay isang mabuting gawain sa kapwa mag-aaral. Sa pagpapahiram ay natulungan mo siyang matugunan ang kanyang pangangailangan. Halimbawa, nagsisimula na ang pasulit nang mapansin mong walang *ballpen* ang iyong kaklase at dahil marami kang *ballpen* ay naisipan mong ipahiram ang isa nito sa kanya upang makasagot ito sa pagsusulit. Ang ganitong pangyayari ay maaaring mas magpalalim pa sa iyong pakikipagkaibigan at mabuting pakikitungo sa kapwa mag-aaral.

Tuwing pasko o kaya’y bagong taon ay nakaugalian na nating mga Pilipino ang magbigay ng regalo hindi lamang sa ating malalapit na pamilya kung hindi maging sa mga batang nangangailangan. Halimbawa, ang iyong pamilya ay namimigay ng laruan o damit sa mga bata sa lansangan o bahay-ampunan. Ang pagmamalasakit sa mga matatanda at may kapansanan ay isa ring magandang gawain sa pagpapakita ng ating pagkalinga at pagpapahalaga sa kanila.

Sa pangkalahatan, maraming ginagawa upang maipakita ang kabutihang ginawa ng tao sa kanyang kapwa. Maaaring sa maliit o malaking bagay, ikaw ay nakatulong na masolusyunan at mapawi ang kanilang agam-agam sa pang-araw-araw na pamumuhay. Laging pakatandaan na ang paggawa ng kabutihan sa kapwa ay nagsisimula sa sarili. Ito ay bukas palad na ibinibigay at walang hinihintay na kapalit. Habang lumalalim ang kabutihang iyong ginawa ay mas magiging dalisay ang kabutihang iyong ibinibigay sa kapwa.



Pagyamanin

Gawain 3: Isang Linggong Kabutihan!

Panuto: Punan ang talahanayan ng mga kabutihang ginawa sa kapwa at ilahad ang dahilan sa pagsasagawa ng mga ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

ARAW	GINAWANG KABUTIHAN	DAHILAN NG PAGSASAGAWA
Linggo		
Lunes		
Martes		
Miyerkoles		
Huwebes		
Biyernes		
Sabado		

Rubrik sa talahanayan ng ginawang kabutihan

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Ginawang kabutihan	Nakalalahad ng detalyado (pangalan, lugar, sa ginawang kabutihan sa loob ng isang linggo.	Nakalahad ng detalyado sa ginawang kabutihan sa loob ng 5 araw.	Nakalahad ng detalyado sa ginawang kabutihan sa loob ng 3 araw.
Kadahilanan sa pagsasagawa ng kabutihan	Nakapapaliwanag sa tiyak na kadahilanan sa pagsasagawa ng kabutihan sa loob ng isang linggo.	Nakapapaliwanag sa tiyak na kadahilanan sa pagsasagawa ng kabutihan sa loob ng 5 araw.	Nakapapaliwanag sa tiyak na kadahilanan sa pagsasagawa ng kabutihan sa loob ng 3 araw.
Kabuoang Puntos			

Gawain 5: Tala-Tulong

Panuto: Gamit ang kronolohikong pag-uulat, bumuo ng isang ulat-salaysay na naglalahad nang mabubuting ginawa ng Local Government Unit (LGU) at Non-Government Organization (NGO) para sa mga nangangailangan sa panahon ng COVID 19. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Rubrik sa Pagmamarka ng Tala-Tulong na Gawain

Pamantayan	Deskripsiyon	Puntos
Pagsasalaysay	Kompleto ang mga detalye ng mga kaganapan at malinaw ang pagsasalaysay	10
Pinagkunan ng datos	Tiyak, wasto, ang batayan ng nakuhang impormasyon	5
Timeline-Based Pagsusunod-sunod ng mga kaganapan	Sunod-sunod ang iniulat na kaganapan ayon sa panahon ng pagsasagawa nito	10
Kabuoan		25



Isaisip

Gawain 6: Tuklas Kaalaman


Panuto: Isulat sa bawat patlang kung ano ang iyong iniisip at bagong kaalaman na nakuha sa araling pinag-aralan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


Bilang isang mapanagutang kabataan, ano ang iyong nararamdaman habang gumagawa ng kabutihan sa kapwa?

Bakit mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa?

Magbigay ng mga hakbang upang mapanatili ang paggawa ng kabutihan sa kapwa.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.






Isagawa

Gawain 7: Mabuting Ako!

Panuto: Gamit ang graphic organizer ilahad ang mga kabutihang nagawa sa sumusunod:

- a. Pamilya
- b. Paaralan
- c. Pamayanan





Tayahin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Bakit mahalaga ang paggawa ng kabutihan sa kapwa? Dahil;
 - A. Nakapagpapasaya ka sa kapwa
 - B. May gumawa rin nito sa kanya
 - C. Nagpapakita ito ng pagmamahal sa kapwa
 - D. Tungkulin ng bawat tao na gumawa ng mabuti sa kapwa
2. Laging binibigyan ni Karen ang matalik niyang kaibigan ng sagot kung may pagsusulit samantalang si Liza naman ay hinikayat ang mga kaklase na mag-aral ng pangkatan bilang paghahanda sa kanilang pagsusulit. Sino kina Karen at Liza ang nagpapakita ng kabutihang loob sa kapwa?
 - A. Si Karen na nagbibigay ng sagot sa kanyang kaibigan
 - B. Pagtutulungan nina Karen at kaibigan sa pagsagot sa pasulit
 - C. Paghikayat ni Liza sa mga kaklase para kanya-kanyang mag-aral
 - D. Pangunguna ni Liza sa kanyang mga kaklase sa pangkatang pag-aaral
3. Ang tamang pakikitungo ng mga mag-aaral sa mga guro, kamag-aral o janitor sa paaralan ay tanda ng:
 - A. Pagtulong
 - B. Kabutihan
 - C. Pagpapasikat
 - D. Pagpapakilala
4. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng kabutihang loob sa kapwa sa loob ng paaralan?
 - A. Pagpapahiram ng bolpen sa kaklase
 - B. Paglilinis sa silid-aralan kapag nariyan ang guro
 - C. Manahimik upang hindi makapag-ingay sa klase
 - D. Binibigyan ng meryenda ang kaklase na nagpapakopya ng sagot sa pasulit
5. Bilang kabataan, paano maipakikita ang kabutihan sa kapwa kabataan?
 - A. Pakikipagkaibigan sa mga kabataan
 - B. Nakikisalamuha sa kapwa kabataan kung may pagtitipon
 - C. Pamunuan ang mga kabataan dahil mayaman siya sa kanilang lugar
 - D. Nakikiisa sa mga gawain at proyekto ng kabataan sa kanyang barangay

6. Pinipiling mapag-isa ni Mario kahit sa loob ng silid-aralan. Minsan, kinausap siya ng kanilang pangulo at hinikayat na makilahok sa klase kaya nang sumunod na mga araw, kapansin-pansin na nakikiisa na si Mario sa mga gawain sa paaralan. Paano ipinakita ng Pangulo ng klase ang kabutihang loob kay Mario?
 - A. Hinahayaan siya sa pagiging tahimik
 - B. Pagbabago ng ugali ni Mario sa mga kaklase
 - C. Nakikisama na si Mario sa kanyang mga kaklase
 - D. Paghikayat ng nito kay Mario na makilahok sa klase

7. Maituturing na likas sa tao ang pagiging mabuti o may kagandahang loob dahil;
 - A. Tao siya kaya dapat magpakabuti
 - B. Namana niya ito sa mga magulang
 - C. Kusa siyang tumutulong sa kanyang kapwa
 - D. Matalino siyang gumawa ng kung ano sa kapwa


8. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng kabutihang loob sa kapwa?
 - A. Pagbibigay ng limos sa batang kalye
 - B. Pagpapaaral ng mahihirap na estudyante
 - C. Gumagastos ng malaki sa ginagawang handaan
 - D. Handang isakripisyo ang sarili para sa kapakanan ng iba

9. Nagtuturo si G. Castro ng asignaturang MAPEH kung saan hinasa niya ang mga mag-aaral sa pagkanta at hinikayat niya itong sumali sa mga patimpalak sa pag-awit hanggang sa maging sikat na mang-aawit ang mga mag-aaral. Paano ipinamalas ni G. Castro ang kabutihang loob sa kanyang mga mag-aaral?
 - A. Pagtuturo ni G. Castro ng asignaturang MAPEH
 - B. Pagtuturo na may bayad sa kanyang kakayahan
 - C. Binigyang-tuon ni G. Castro ang ibang talento ng mag-aaral
 - D. Paghasa at paghikayat sa mag-aaral na paunlarin ang talento

10. Alin sa mga sumusunod ang nagpapamalas ng tunay na pagtulong?
 - A. Paglilinis sa paaralan kung may Brigada Eskwela
 - B. Pagbibigay ng pagkain at damit sa mga nasunugan
 - C. Pagtulong sa kapitbahay dahil walang ibang mahingan ng tulong
 - D. Laging pagdadala ng gamit ng guro para mabigyan ng mataas na marka

11. Gumigising nang maaga si Ryan bago pumasok upang tulungan ang kanyang nanay na abala sa mga gawaing bahay at sa kanilang tindahan. Paano ipinakita ni Ryan ang pagiging mabuting anak sa kanyang nanay?
 - A. Maagang papasok si Ryan sa paaralan.
 - B. Gumising nang maaga si Ryan para magtrabaho.
 - C. Nagtitinda si Ryan at hindi na pumasok sa paaralan.
 - D. Tumulong sa kanyang nanay sa gawaing bahay at sa tindahan.

12. Kalilipat lang ni Cristy kaya wala siyang kaibigan sa klase. Mabuti na lang at may nagpakilala sa kanya at nagbigay impormasyon tungkol sa kanilang paaralan. Paano naipakita ng kaklase ang kabutihang ginawa kay Cristy?
- A. Pakikipagkaibigan ni Cristy ang bagong kaklase.
 - B. Paglapit ng mag-aaral kay Cristy para may makausap
 - C. Paglipat ni Cristy ng paaralan para magkaroon ng bagong kaibigan.
 - D. Pagpapakilala ng mag-aaral kay Cristy at pagtuturo sa kanya ng tungkol sa kanilang paaralan.
13. Bata pa si Lito ngunit kakikitaan na siya ng kabaitan. Minsan nagkasundo sila ng kanyang kalaro na mag-unahan sa pagtakbo. Sa kanilang pagtakbo ay biglang nadapa ang kanyang kalaro kaya binalikan niya ito at tinulungang makatayo. Paano naipakita ni Lito ang kabutihan sa kalaro?
- A. Sa paglalaro, gumawa siya ng kasunduan.
 - B. Para maipakita ang lakas niya sa pagtakbo
 - C. Pakikipaglaro sa kaibigan para hindi ito mabagot
 - D. Pagpapahalaga sa kapakananan ng kalaro kaysa manalo
14. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng kagandahang loob?
- A. Pagbibigay ng pagkain sa mga batang lansangan
 - B. Pagbibigay sa pangangailangan ng kanilang kasambahay
 - C. Tinitiyak na laging may pera para masuportahan ang pamilya
 - D. Gumasta ng malaki sa kanyang birthday para marami ang makakain
15. Magkasabay na umuwi galing sa paaralan sina Gng. Reyes at ilan niyang mag-aaral. Agad na kinuha ng isang mag-aaral ang mga gamit ng guro upang tulungan ito sa pagdadala; samantala ang iba ay masayang nakikipag-usap kay Gng. Reyes. Piliin sa sitwasyon ang nagpapakita ng kabutihang ginawa sa kapwa?
- A. Pakikipag-usap ng guro sa mga mag-aaral
 - B. Pagpapadala ni Gng. Reyes ng kanyang mga gamit sa mag-aaral
 - C. Pagtulong ng mag-aaral kay Gng. Reyes sa pagdadala ng gamit nito
 - D. Pagiging masayahin ng mga mag-aaral dahil guro ang kanilang kasama



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Dayalogo ng Kabutihan

Panuto: Lapatan ng dayalogo ang mga pangyayari sa komiks upang maipakita ang ginawang kabutihang loob ng tauhan sa pangyayari. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Pamantayan	Higit na inaasahan 5 puntos	Nakamit ang inaasahan 4 puntos	Bahagyang nakamit ang inaasahan 3 puntos	Hindi nakamit ang inaasahan 2 puntos
Nilalaman ng Dayalogo	Komprehensibo at naipahayag sa dayalogo ang kabutihang ginawa sa kapwa. Wasto ang lahat ng impormasyon	Kompleto at naipahayag sa dayalogo ang kabutihang ginawa sa kapwa. Wasto ang lahat ng impormasyon	May ilang kakulangan sa pagpapahayag ng kabutihang loob sa dayalogo. May ilang maling impormasyon	Maraming kakulangan sa nilalaman ng dayalogo.
Organisasyon ng Kaisipan	Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa usapan	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa usapan ng tauhan.	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa usapan.	Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa usapan ng mga tauhan.
Kabuoang Puntos				



Susi sa Pagwawasto

Tayahin	1. C 2. D 3. B 4. A 5. D 6. D 7. C 8. B 9. D 10. B 11. D 12. B 13. D 14. B 15. C
Baliklan	1. / 2. / 3. / 4. / 5. / 6. / 7. x 8. / 9. x 10. /
Subukin	1. D 2. B 3. D 4. B 5. C 6. D 7. C 8. B 9. D 10. B 11. C 12. D 13. B 14. A 15. D

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina Mignon C. et. Al. *Edukasyon sa Pagpapakatao 8 Modyul ng mAg-aaral*. Pasig City, 2013.

Julian-Baisa, Ailene G., Del Rosario, Mary Grace G., Lontoc, Nestor S. et. Al. *Pinagyamang Pluma 8*. Quezon City, 2014

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph